


Maligayang Pagdating

sa aming

Stadtteilschule Hamburg-Mitte



Panimulang folder para sa mga magulang

Tagalog

Minamahal na mga magulang at ligal na tagapag-alaga,

Malugod namin kayong tinatanggap sa aming paaralang distrito ng Stadtteilschule Hamburg-Mitte. Ang isang bagong kapanapanabik na oras ay magsisimula para sa iyong anak. Kayo din, mahal na mga magulang, ay kailangan nyodin munang bisitahin kami. Dahil dito; nag-ipon kami ng ilang impormasyon.

Ang impormasyong ito ay makakatulong sa inyo upang mas malaman ang paaralan.. Nais namin kayong magkaroon ng magandang pagsisimula at isang magandang panahon sa aming paaralan!

Malugod na pagbati,

Mga tauhan ng paaralang distrito ng Stadtteilschule Hamburg-Mitte

Contents

- Mga guro at magulang Page 3
- Karamdaman / Pagliban / Pagpaumanhin Page 4
- Katanungan? Problema? Page 5
- Panuntunan ng aming paaralan Page 6
- Ano ang kailangan ng inyong anak sa paaralan? Page 7
- Aplikasyon para sa pagbabayad ng mga gastos Page 8
- Ang aming paaralan Page 9
- Propesyonal na oryentasyon Page 10
- Sistema ng aming paaralan Page 11
- Impormasyon ng magulang tungkol sa iniutos na pag-aaral Page 13
- Liham ng magulang para sa pagpapalano ng bakasyon Page 14
- “Pagtawag sa paaralan” Gabay Page 15
- “Sulat paumanhin” Gabay Page 16

Impressum

Herausgeber: Stadtteilschule Hamburg-Mitte

www.stadtteilschule-mitte.hamburg.de

Redaktion: Britta Verena Lange (IVK-Koordinatorin)

Gestaltung: Britta Verena Lange, Hannelore Susanna Bollinger

Zeichnungen: Phat Tieu

Druck: Hamburger Copyshop, Wandsbeker Chaussee 283

Stand: Hamburg 2021

Mga Guro at Magulang

- **Ang mga guro at magulang ay nagtutulungan**
- **Maaaring dumalo ang mga magulang sa mga aralin**
- **Gabi ng mga magulang sa Setyembre**
- **Learning Advancement Conversations (LEG)**
 - Ang LEG ay isang araw ng talakayan para sa mga magulang sa aming paaralan
 - Isang beses sa isang taon (Nobyembre o Pebrero)
 - Sulat paanyaya mula sa guro ng klase na may iskedyul
 - Talakayan kasama ang guro ng klase tungkol sa mga nagawa sa paaralan at kaugaliang panlipunan
 - Ang mga magulang ay maaaring magdala ng interpreter o ang paaralan ay magbibigay ng isa.

Importanteng Paalala!

Pakiusap, tiyaking pumunta sa mga pag-uusap ng mga magulang (halimbawa, Gabi ng mga magulang at LEG).

Layunin ng aming mga guro na makipagtulungan sa inyo. Ang mga bata ay maaaring maging matagumpay kapag ang mga guro at magulang ay nagtutulungan.

Mangyaring subukang magpakita para sa mga pagpupulong, kahit na hindi ka marunong magsalita ng Aleman.

Ang aming paaralan ay may alam kahit isang tao na marunong magsalita ng iyong wika. Maaari kaming magbigay ng isang interpreter para sa mga pagpupulong ng mga magulang. Kung may kilala kayo, na mag-interpret, mangyaring isama nyo siya.



Karamdaman / Pagliban / Pagpaumanhin

Ang paaralan sa Alemanya ay naiiba sa maraming paraan tulad sa inyong iyong bansa. Mahalaga para sa inyo na ang mga bata sa Alemanya ay dapat pumasok sa mga paaralan. Ang pagpasok sa paaralan ay sapilitan sa Alemanya, sapagkat ang bawat bata ay dapat magkaroon ng parehong pagkakataon na pumili ng isang hanapbuhay. Libre ang pagdalo sa paraalan sa Hamburg.

➔ Pakiusap, pakibasa “Ang impormasyon ng magulang sa compulsory school” sa pahina 13 at “Liham ng magulang para sa planong bakasyon” sa pahina 14.

Dapat ipagbigay-alam sa amin kaagad, kung ang iyong anak ay hindi makapasok sa paaralan.

Step 1: Tumawag sa umaga, hindi lalampas sa 8:00 o'clock

School office: 040 - 428.974.311

Dapat tumawag sa parehong araw kung kailan ang inyong anak ay hindi makakadalo sa paaralan.

➔ Pakibasa ang iminungkahing teksto para sa “Pagtawag sa paaralan” sa pahina 15.



Step 2: Liham paumanhin para sa guro

Kung ang inyong anak ay hindi makadalo sa paaralan, kailangan sumulat ng liham.

Kailangan ibigay ng inyong anak ang liham sa paaralan sa unang araw na pagbalik nya.

➔ Pakiusap gamitin “Ang liham paumanhin” sa pahina 16.



Katanungan? Problema?

Narito kami para sa inyo!

- Ang guro ng klase
- Ang tagakonsulta na guro
- Ang mga social worker at mga tagapagturo
- Ang principal ng paaralan
- Ang opisina ng paaralan

Ang aming mga guro at tagapagturo ay tutulong sa inyong anak.

Kapag siya ay nahihirapan umintindi o merong problema, lagi siyang makakapunta sa amin. Bukod pa dito, meron ding tagatulong sa bawat bagong studyante sa International preparatory classes. Ang mga tagatulong ay nakakapagsalita ng wika ng inyong anak. Sila ay tumutulong upang ang inyong anak ay maging komportable sa paaralan.

Pakiusak, tulungan nyo din ang inyong anak!

Tanungin ang inyong anak kung kamusta ang kaniyang araw sa paaralan. Ano ang kanilang karanasan. Pakinggan nyo sya. Kung merong problema, ipaalam sa guro ng klase.

Maari kayong tumawag sa aming serbisyo pangkonsulta sa anumang oras.

Ang serbisyo pangkonsulta ay malugod kayong tutulungan!

Serbisyo Pangkonsulta: 040 – 428.974.338

Tawagan kami at magpa appointment.

O kaya ay pumunta direkta sa “Island” (compound sa kanan ng school yard).

Maaari rin kaming maghanap ng Interpreter.


Ang aming serbisyo pangkonsulta ay laging andyan para sa inyo sa salita at sa gawa.



Panuntunan Ng Paaralan

Stadtteilschule Hamburg-Mitte
Mangyaring magpakabait tulad ng inuutos
Maging palakaibigan at patas sa lahat
Kung magkakaroon man ng kahirapan
Ay makakamtan mo ang higit pa na bagay

- **Nasa tamang oras!**
- **Bawal ang mobile phone sa loob ng gusali at sa buong lugar ng paaralan**
- **Maging magalang at palakaibigan**
- **Kung magkakaiba ang wika sa isang pangkat, magsalita ng Aleman.**
- **Maliwanag na ang lalaki at babae ay pantay-pantay**
- **Mag Football sa lugar ng palaruan lamang**
- **Bawal ang sigarilyo sa buong lugar ng paaralan**
- **Bawal ang umalis ng paaralan kung walang pahintulot ng isang guro sa oras ng klase**



Ano ang kailangan ng inyong anak sa paaralan?

Ang paaralan ay libreng magbibigay ng sumusunod na materyales:

- Mga libro, diksyonaryo, leksikon, babasahin, espesyal na libro ng paksa, atlas
- Mga Worksheet
- Mga programa sa computer at iba pang media
- Mga kasangkapan at aparato (e.g. kagamitan sa paglalaro habang break)

Pakibili ang mga sumusunod na materyales para sa inyong anak:

- Mga notebook, lapis, pangbura, pangtasa, ruler, geodree, compass
- Calculator
- Damit at sapatos pang isport


Mas detalyadong impormasyon ay maaring makuha sa guro ng klase.

Importanteng Paalala!

Kung tumatanggap ng benepisyo ng estado, pwede kayong mag apply para sa tulong pinansyal para sa sumusunod na paksa.

Ang guro ng klase ay kakausapin kayo tungkol sa dagdag na gastusin. Ipapaalam niya sa inyo kung ang inyong mga karagdagang gastos ay maaaring bayaran nang buo o bahagi.

- Gamit sa paaralan
- Pagbisita sa teatro o sinehan
- Mga aktibidad sa isport
- Araw ng piknik
- Paglalakbay ng klase



Aplikasyon para sa pagbabayad ng gastos

Pakiusap, magbigay ng kasalukuyang social certificate o asylum certificate sa opisina ng paaralan, kung tumatanggap ka ng benepisyo ng estado.

Maari kang mag apply para sa libreng tanghalian at aplikasyon para sa libreng ticket ng studyante.

Humiling ng libreng tanghalian

Lahat ng bata ay may tanghalian sa aming paaralan.


Kung ang inyong anak ay makakakuha ng libreng tanghalian, tsaka sya pwedeng kumuha ng libreng food stamps sa kantina at kumuha ng libreng tanghalian.

Aplikasyon para sa libreng ticket ng studyante

Ang awtoridad ng paaralan ang magpapasya kung ang bata ay makakakuha ng libreng ticket. Depende ito sa kung gaano kalayo ang paaralan sa bahay.

☹️ Kung ang inyong anak ay hindi makatanggap ng libreng ticket, hindi kami makakabigay ng libreng ticket. Ito ay desisyon ng awtoridad ng paaralan ng Hamburg, hindi ito desisyon ng aming paaralan!

😊 Kung ang inyong anak ay makatanggap ng libreng ticket, tumatagal ng halos 2 linggo bago makuha ang ticket sa opisina ng paaralan.



Aming Paaralan

Ang aming paaralan ay isang buong araw na eskwela.

- Lunes hanggang Huwebes mula 8am hanggang 4pm
- Biyernes mula 8:00 hanggang 13:30

Babae at lalaki, mga bata mula sa ibang mga bansa ay pumupunta sa aming paaralan.

Meron din kami aralin sa hapon.

May iba't ibang kurso kami na inaalok, halimbawa, mga kurso sa isport, musika, sining at wika.



Depende sa indibiduwal na kakayahan ng inyong anak, maaari rin siyang makakuha ng **lahat ng mga sertipiko sa paaralan:**

- Tapos ng Klase 9: Sertipiko sa First school (Erster Schulabschluss - ESA)
- Tapos ng Klase 10: Sertipiko sa Middle school (Mittlerer Schulabschluss - MSA)
- Tapos ng Klase 13: Sertipiko sa Higher school (Abitur)

Ang mga nagtapos mula sa ika-9 at ika-10 baitang ay maaaring magkaroon ng pagsasanay sa bokasyonal, halimbawa ng pagmekaniko, hairdresser, at sa banko.

Ang studyante na may mataas na grado ay pwedeng magpatuloy sa paaralan ng dagdag 3 taon para makuha ang kanilang sertipiko sa high school. Kinakailangan ang sertipiko sa high school sa Germany kung nais na magaral sa unibersidad at gusto maging inhenyero, doktor o guro.

Para ang inyong anak ay may pantay na pagkakataon sa paaralan at propesyon, dapat ay marunong siyang magsalita ng Aleman!

Ito ang mahalagang kailangan para ang inyong anak ay mapagaralan mabuti ang mga paksa. Iyon ang dahilan kung bakit mayroon kaming "International Preparatory Classes" sa aming paaralan. Ito ay espesyal na klase para sa mga studyante na hindi marunong ng Aleman. Sa klase na ito ay ang mga studyante ay hinahanda sa normal na aralin sa loob ng isang taon. Meron silang 15 oras sa Aleman kada linggo.

Sa ikalawang taon sa pagaral ng Aleman, ang mga studyante ay espesyal na susuportahan ng isang taon (halimbawa, karagdagang kurso sa wika).

Ang studyante mula edad 14 anyos ay maaring lumahok sa isang kurso ng Aleman pang preparasyon para sa German Language Diploma (DSD1). Kung maipasa nila ang espesyal na pagsusuri sa Aleman, makakatanggap sila ng isang sertipiko sa wika na kinikilala sa buong mundo

Propesyonal na Oryentasyon sa International Preparatory Classes

Bilang magulang at tagapag-alaga, ikaw ay may mahalagang parte sa karera ng inyong anak! Kaya meron kang matinding responsibilidad. Kausapin ang iyong anak tungkol sa kanyang magiging karera sa hinaharap. Mangyaring makipag-usap din sa amin, kaming mga guro ay nais na makipagtulungan sa inyo.

Kada studyante ay dapat handa para sa oras na pagtapos sa paaralan. Iyon ang dahilan kung bakit nag-aalok kami ng isang espesyal na oryentasyong propesyonal, lalo na sa Class 8, 9 at 10

IVK – ESA1 (8th Grade)

- Ang **pag analisa ng potensyal** (isang araw) ay inaalam kung saan mahusay ang kabataan.
- Sa mga **araw ng workshop** (isang linggo) praktikal nilang susubukan ang iba't ibang mga propesyon (halimbawa, propesyon ng nursing o propesyon ng electrical engineer).

IVK – ESA2 (9th Grade)

- **Dalawang internship** ang gaganapin sa IVK-ESA2. Ito ay merong 3 linggo bawat isa.
- Ang unang internship ay tuwing Nobyembre, ang ikalawang internship ay tuwing Hunyo/ Hulyo.
- Ang mga kabataan ay nagtatapos ng internship sa iba't ibang mga kompanya (halimbawa, mekaniko, sa kindergarten, sa dentista)

IVK – ESA2 (9th Grade) & IVK – MSA (10th Grade)

- Ang paghahanap ng lugar para sa pagsasanay sa bokasyonal ay madalas hindi madali. Kung kaya mayroong mga indibidwal na konsultasyon sa IVK-ESA2 at IVK-MSA. Ang aming mga propesyonal na tagapayo ay nagsasagawa ng mga indibidwal na panayam. Halimbawa, magpapayo sila tungkol sa aplikasyon o kaya sa mga panimulang usapan.
- Sa huli, ang mga studyante ay responsable sa kanilang sarili para sa paghahanap ng lugar ng bokasyonal na pagsasanay.



Ang Sistema ng Paaralan

Paglipat sa karaniwang mga klase: **IVK 5/6 at IVK 7/8**

Ang mga studyante ay masinsinang magaaral ng Aleman sa IVK 5/6 at IVK 7/8 (15 oras kada linggo) sa isang taon. Dito hinahanda sila para sa normal na sekondarya. At sa paaralang sekondarya ay patuloy silang makakatanggap ng espesyal na suporta sa loob ng isang taon. Depende sa indibidwal na kapasidad, maaaring tapusin ng mga studyante ang lahat ng mga degree sa aming paaralan (ESA – MSA – Abitur)

Mga modelo ng sertipiko: **IVK-ESA1 ⇒ IVK-ESA2 ⇒ IVK-MSA**

Ang modelong ito ay para sa dayuhan na tinedyer na 14 taong gulang at pataas.


Ang mga studyante ay mananatili sa isang klase sa loob ng 3 taon.

- **Sa unang taon**, Ang studyante sa IVK-ESA1 (8th grade) gumastos ng 1 taon ng masinsinang Aleman
- **Sa pangalawang taon**, ang mga studyante ay maaring makuha ang unang sertipiko sa paaralan (ESA) sa IVK-ESA2 (9th grade).
- **Sa ikatlong taon**, ang mga studyante sa IVK-MSA (10th grade) ay maaring makuha ang pangalawang sertipiko sa paaralan (MSA).

Ang mga studyante na may magandang grado ay pwedeng magpatuloy pagtapos ng 10th grade para sa dagdag tatlong taon at makuha ang Abitur (11th/12th/13th class).

Integrasyon sa pamamagitan ng propesyonal na karanasan: **IbE class**

Ang klaseng ito ay para sa mas matanda na studyante galing sa IPC Area (IVK). Ang pagsasanay ay pangunahin. Ang mga studyante ay 3 araw sa paaralan at magtatrabaho sa isang kumpanya sa loob ng 2 araw. Sa gayon, ang mga mag-aaral ay may mahusay na paghahanda para sa propesyonal na mundo. Maaari kang makahanap ng isang propesyonal na lugar ng pagsasanay sa loob ng klase na ito at makuha ang unang sertipiko ng paaralan (ESA) sa 2 taon.



Mahalaga sa mga degree na paaralan sa ESA at MSA

Upang matiyak na ang mga banyagang bata at kabataan ay may parehong pagkakataon na magkaroon ng magandang sertipiko sa paaralan, maaari silang kumuha ng test sa kanilang sariling wika. Ang test para ma-assess ang wika ay tinatawag na **“Sprachfeststellungsprüfung”** (SFP).

Para sa sertipiko ng paaralan na ESA at MSA, ang mga studyante ay karaniwang kailangang kumuha ng oral at nakasulat na test sa Aleman, Matematika at Ingles.

Ang mga studyante na ang wika ay hindi Aleman ay maaaring palitan ang test sa ingles at palitan ang test sa kanilang sariling wika.



Information for Parents on Compulsory School Attendance



Minamahal na mga magulang,

Sa liham na ito nais naming ibigay sa inyo ang mga impormasyon tungkol sa sapilitan na pagpasok sa paaralan.

Ito’y makakabuti sa interes ng inyong mga anak kaya pagtuunan ang mga sumusunod na puntos:

- Kung ang iyong anak ay may karamdaman at hindi makadalo sa paaralan, **mangyaring tiyakin** na ipaalam nyo sa tanggapan ng paaralan sa pamamagitan ng telepono o email sa **unang araw** ng sakit bago magsimula ang klase.
- Mangyaring tandaan na:
 - Kung hindi nyo napaalam sa paaralan sa ikatlong araw ng sakit, makakatanggap kayo ng pagbisita sa bahay na itatala ng paaralan.
 - Kung ang paaralan ay hindi nasabihan ng rason sa pagliban ng ikalimang araw ng sakit, isang pagpupulong ang gagawin upang magpasya kung ang **Youth Welfare Department** ay dapat na kailanganin.
 - Kung ang regular na pagpasok sa paaralan ay hindi natuloy sa loob ng anim na linggo, ang Awtoridad ng mga Paaralan at Bokasyonal na Pagsasanay ay aabisuhan ng paaralan. Magresulta eto ng pagabiso sa **Youth Welfare Department** at maaring may multa o parusa na ipataw.
 - Ang impormasyon tungkol sa regular na pagpasok sa paaralan para sa mga bata ay maaring makita sa “Directive for dealing with violation of compulsory school attendance”.

Sa aming karanasan, karamihan sa mga magulang ay palagi kami sinasabihan ng karamdaman ng anak sa tamang oras. Kami ay magagalaw kung inyong kilalanin etong liham sa pamamagitan ng pagkumpleto ng seksyon sa ibaba.

Maligayang pagbati

School stamp

✂ _____

Name of child _____

Class _____

I hereby confirm that I have read and understood **this communication on compulsory school attendance**.

Hamburg, the _____
Date

Signature of parent or legal guardian

Sa lahat ng Magulang at tagapagalaga

Paksa: Plano sa Holiday

Minamahal na mga magulang,

Alam namin na marami sa inyo ay nagbayahe kasama ang pamilya tuwing holiday sa inyong bansa. Sa kadahilanang iyon, kinakailangan na magbook ng flights ng maaga o gumawa ng ibang plano.

Kaya nais kong ipaalam na ang mga naturang gawain ay posible lamang sa opisyal na itinalagang bakasyon.

Ang mga araw ng pagbayahe bago o pagkatapos ng bakasyon o sa oras ng pag-aaral ay hindi pinapayagan.

Kung hindi ka sumunod sa mga patakarang ito, naglalaan kami ng karapatang ipagbigay-alam sa mga awtoridad at makialam upang maghiling ng pagpapataw ng multa.

Mangyaring sumangguni sa regulasyong ito ayon sa batas para sa inyong mga plano.

Taos pusong pagbati,

Schulleitung Stadtteilschule Hamburg-Mitte

Pagtawag sa Paaralan

Guten Tag. Mein Name ist _____
Good Morning. My name is _____
Ich bin die Mutter / der Vater von _____ (Name des Kindes).
I am the mother / father of _____ <i>(name of your child)</i>
Er / Sie geht in die Klasse von Frau / Herrn _____ (Name der Lehrerin / des Lehrers).
He / she is in Mr. / Mrs. <i>(Teacher's Name)</i> _____ class.
<p style="text-align: center;">(Name des Kindes)</p> <p><input type="radio"/> kann heute nicht zur Schule kommen</p> <p><input type="radio"/> kommt heute später</p>
_____ <i>(your child's name)</i> <p><input type="radio"/> He will not be coming to school today</p> <p><input type="radio"/> He will come late</p>
Vielen Dank. Auf Wiedersehen.
Thank you very much. Good Bye.

Sulat pangpaalam sa paaralan

Dear Sir / Madam	Sehr geehrte Frau / Sehr geehrter Herr
<i>Write down the name of the teacher</i>	_____ !
<i>Write down the name of the student</i>	
could not	konnte am
<i>Mention the date of absence</i>	
attend the lesson	nicht am Unterricht teilnehmen.
<i>Reason (mention please!)</i>	Grund (Bitte ankreuzen!)
<input type="radio"/> He / She was ill.	<input type="radio"/> Er / Sie war krank.
<input type="radio"/> He / She had an appointment by doctor.	<input type="radio"/> Er / Sie hatte einen Termin beim Arzt.
<input type="radio"/> He / She had an appointment at the authorities.	<input type="radio"/> Er / Sie hatte einen Termin bei der Behörde.
<input type="radio"/> He / She had to help us with translation.	<input type="radio"/> Er / Sie musste uns beim Übersetzen helfen.
<input type="radio"/> He / She comes back home early.	<input type="radio"/> Er / Sie muss heute früher nach Hause gehen.
<input type="radio"/> He / She will be coming late to school.	<input type="radio"/> Er / Sie kommt heute später zur Schule.
<input type="radio"/> He / She cannot participate today in sport lesson.	<input type="radio"/> Er / Sie kann heute nicht am Sportunterricht teilnehmen.
<input type="radio"/> other reason	<input type="radio"/> anderer Grund
<i>Write down Date/ Signature of the Guardian</i>	